

Mga Dahilan Kung Bakit ang mga Nagrereklamo ay Pumapayag ng Mediation

- ◆ Para marinig at maintindihan nang lubos.
- ◆ Para ipaalam ang kanilang mga puna sa mga pulis.
- ◆ Para iwasang mangyaring muli ang katulad na mga insidente.
- ◆ Para papanumbalikin ang tiwala sa mga serbisyo ng pulisya at ang respeto sa mga pulis.
- ◆ Para mapakinggan ang mga pag-unawa ng pulis sa mga pangyayari.

Mga Dahilan Kung Bakit ang mga Pulis ay Pumapayag ng Mediation

- ◆ Para maintindihan: Hindi palaging maipaliliwanag ng mga pulis ang kanilang mga kilos sa labas.
- ◆ Para mapakinggan ang mga pag-unawa ng nagrereklamo sa mga pangyayari.
- ◆ Para makausap ang tao nang tuwiran kaysa ang mga ibang tao ang magpapasya tungkol sa reklamo.
- ◆ Para pabutihin ang mga ugnayan sa bawat tao at sa komunidad.
- ◆ Para lutasin ang reklamo na hindi humahantong sa pagdidisiplina.

Ang Mga Mediator ay:

- ◆ Ipaliliwanag ang mga patakaran at sasagutin ang mga katanungan.
- ◆ Titiyaking ang mga partido ay kikilos sa magalang na paraan.
- ◆ Magtatanong para liwanagin at alamin ang mga isyu.
- ◆ Pakikinggan ang mga sasabihin ng magkabilang panig tungkol sa pangyayari.
- ◆ Walang kakampihin o hindi maghuhusga
- ◆ Ipaglilhim ang lahat ng impormasyon na isiniwalat sa panahon ng pagtatalakayan.
- ◆ Papanatiliing nakatuon sa isyu ang pagtatalakayan, mapakinabang at hindi nagbabanta.
- Tutulong sa paglutat ng pinagtatalunan.

Mga Mungkahi para sa isang Konstruktibong Mediation

Maging handang sabihin ang inyong mga pag-unawa sa mga pangyayari para ipaliwanag kung paano kayo naapektohan.

Makiniig– at ipakita ninyong nakikinig kayo.

Huwag magbibintang o manghihiya. Ang karamihan sa mga tao ay nagiging depensibo kaysa nagiging bukas sa bagong mga pag-unawa sa mga pangyayari.

Maging bukas sa iba't ibang mga pag-unawa sa mga pangyayari.

Maging kalmado at nakatuon sa tinatalakay. Makabubuti sa lahat kapag ang mga tao ay nakatuon sa mga isyung tinatalakay.

Maging handang sikapang malutas ang pinagtatalunan.

Humiling ng pagpapaliwanag. Sa kalimitan, ang hindi ninyo nalalaman o ang hindi ninyo naiintindihan ang maaaring sagot sa solusyon.

Magsalita para sa inyong sarili, at payagan rin ninyong makapagsalita ang mga iba. Ipaliwanag ninyo kung ano ang pakiramdam ninyo sa panahong nangyari ang insidente at ang naging epekto nito sa inyo.

The Office of Citizen Complaints (Tanggapan ng mga Reklamo Kontra sa Pulis)


25 Van Ness Avenue, Suite 700
San Francisco, CA 94102-6058

Telepono: (415) 241-7711

Fax: (415) 241-7733

TTY: (415) 241-7770

Email: donna.salazar@sfgov.org
www.sfgov.org/occ



The Office of Citizen Complaints (Tanggapan ng mga Reklamo Kontra sa Pulis)

**Programa ng Mediation para sa
mga Mamamayan-Pulisya**

**Isang tanggapan na nasa
ilalim ng kapangyarihan ng
San Francisco Police Commission**

Salamat sa inyong Pagsasaalang-alang ng Mediation!

Ang mediation ay isang alternatibong paraan na malutas ang mga reklamo tungkol sa mga pag-uugali ng pulis. Inaalang ng OCC ang mga kaso na kung saan maaaring makatulong sa mga partido ang harap-harapang pagtatalakayan ng kanilang mga pag-unawa sa nangyari na nagresulta sa pagharap ng reklamo. Kung sumang-ayon ang nagrereklamo at ang pulis, hindi iimbestigahan ang kaso at itatakda ito para sa isang mediation ng aming mga sinanay na volunteer mediators.

Ang mga mediator ay mga ikatlong partidong walang kinakampihan na may pagsasanay at karanasan para tumulong sa mga tao na lutasin ang kanilang mga di-pagkakaunawaan sa isang konstruktibong paraan. Ipaglilihim ang lahat ng mga sasabihin sa mediation. Dahil kusang-loob ang pagsali sa mediation, mas malaki ang pagkakataon na talagang nais ng mga partido na malutas ang problema sa isang paraan na parehong sinang-ayunan ng magkabilang panig.

Ang mediaton ay pwedeng parehong maging isang mabisang instrumento ng pagtuturo at karanasan ng pagtuturo para sa nagrerteklamo at sa pulis. Sa kalimitan ay ito lang ang panahon na makakausap ng nagrereklamo ang pulis bilang isang ordinaryong mamamayan at hindi bilang isang pulis. Gayon din naman, maaaring ito lang ang panahon na maririnig ng pulis na ipaliwanag sa kanya ng nagrereklamo ang epekto ng mga ginawa niya.

Ang mga Kabutihan ng Paggamit ng Mediation

- ◆ Ang mediation ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga partido na sila mismo ang lumutas sa kanilang di-pagkakaunawaan kaysa umasa sa hatol ng mga iba.
- ◆ Pwedeng maging mas nakakalugod ang mediation kaysa normal na proseso ng pagrereklamo dahil sa oportunidad na malutas ang reklamo sa isang talakayang di-naglalabanan.
- ◆ Pwedeng pabutihin ng mediation ang mga ugnayan sa pagitan ng mga komunidad at ng pulisya.
- ◆ Pwedeng maging mas mabisa at mahusay ang mediation kaysa kinaugaliang proseso ng pag-iimbestiga.
- ◆ Pwedeng makaapekto ang mediation sa mga pakikipagkapwa, mga pagkakaunawa, at mga pag-uugali ng pulis at ng mamamayan.
- ◆ Ipaglilihim ang anumang sinabi sa mediation. Ang anumang sinabi sa mediation ay hindi magagamit sa pagsasakdal.
- ◆ Dahil kusang-loob ang pagsali sa mediation, mas malamang na susundin ng mga partido ang anumang pinagkasunduan nila.

Mga Malimit na Tinatanong

Hindi kasiya-siya ang insidente nang nangyari ito, magiging di-kasiya-siya rin ba ang mediation?

Ang mediation a pwedeng maging matagumpay kahit na sa mga taong mahirap makaunawa at sa mga insidenteng makabagbag-damdamin. Ang mga mediator ay sinanay na tulungan ang mga tao na lutasin ang mga isyu sa isang ligtas at magalang na paraan. Gagawin ang mediation sa isang neutral na lugar.

Kakailanganin ko bang humingi ng patawad?

Hindi. Maaaring wala naman kayong ginawang masama. Sadyang kusang-loob ang mga paghingi ng patawad.

Paano kung hindi ako nasisiyahan sa nangyayari sa mediation o kung nais lang akong tuligsain ng kabilang partido?

Ang mediation ay pinamamahalaan ng sinanay na mga mediator na naroroon para tiyakin ang isang magalang na kapaligiran. Bahagi ng tungkulin ng isang mediator ang tiyaking tinatrato nang magalang ang lahat ng mga partido. Hindi naaangkop sa isang mediation ang mga pag-aabusong pananalita o nagbabantang pag-uugali. Hindi pinipilit ang sinuman na sumang-ayon sa isang kasunduan.